

# Survey ng Queensland sa Gana sa Pag-aaral at Pagsali sa mga Aktibidad at Kabutihan

## **Bakit namin ginagawa ang survey?**

Alam namin na ang kabutihan at gana sa pag-aaral at pagsali sa mga aktibidad ay mga mahahalagang bahagi ng buhay ng iyong anak sa paaralan. Ang departamento at iyong paaralan ay naghahanap ng mga paraan upang kolektahin ang impormasyon tungkol sa mga mahahalagang aspetong ito upang masuportahan namin ang aming mga estudyante sa pinakamabuting posibleng paraan.

Ang Queensland Engagement and Wellbeing (QEW) Survey (Survey ng Queensland sa Gana sa Pag-aaral at Pagsali sa mga Aktibidad at Kabutihan) ay dinisenyo upang masukat kung ano ang tingin ng mga mag-aaral ng estado sa kanilang kabutihan at gana sa pag-aaral at pagsali sa mga aktibidad. Ang mga resulta mula sa survey na ito ay magsasabi sa atin tungkol sa kabutihan at gana sa pag-aaral at pagsali sa mga aktibidad ng mga estudyante. Ang impormasyong ito ay magpapahintulot sa atin na mas mabuting makapagbigay ng suporta sa mga estudyante at matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

## **Kailan mangyayari ang survey?**

Isasagawa ang QEW Survey sa Mga Linggo 1 hanggang 4 ng Termino 2 bawat taon.

Ang paaralan ng iyong anak ay pipili ng petsa sa loob ng panahong ito na pinakamainam para sa kanila.



# Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

## Tungkol sa alin ang survey na ito?

Ang survey ay nagsusukat sa maraming aspeto ng kabutihan, gana sa pag-aaral at pagsali sa mga aktibidad, at karanasan sa paaralan ng mga estudyante. Kasama sa mga tanong ang tungkol sa:

katatagan klima ng paaralan pakiramdam na kasapi  
motibasyon at pagtitiyaga pang-akademikong konsepto  
ng sarili  
personal na kakayahan sa pakikisalamuha sa ibang tao  
pangkalahatang kasiyahan sa buhay  
pananaw at mga mithiin sa hinaharap pangkalahatang  
kalusugan  
mga relasyon sa mga kaklase, mga guro at sa tahanan

## Ano ang sangkot sa pagsali?

Aaregluhin ng mga guro ang paglahok online ng mga estudyante sa Survey sa panahon ng klase. Aabot ng humigit-kumulang 30 minuto upang makumpleto ito. Kung nangangailangan ang iyong anak ng karagdagang tulong, maaari siyang matulungan ng mga guro at/o sumusuportang tao.

## Kailangan bang lumahok ang iyong anak?

Boluntaryo ang paglahok sa survey. **Ang pagpili na hindi lalahok ay hindi makakaapekto sa edukasyon ng iyong anak sa anumang paraan.** Tatanungin rin ang iyong anak kung gusto ba nilang lumahok bago uumpisahan ang survey. Malaya silang huminto o umurong sa anumang oras. **Kung hindi mo gustong lumahok ang iyong anak sa QEW Survey, mangyaring kontak in ang iyong paaralan.** Maaaring makakatanggap pa rin ng imbitasyon sa email ang iyong anak, pero hindi nila masasagutan ang survey nang walang password ng klase.

## Paano papanatilihin kompidensyal ang impormasyon ng iyong anak?

**Ang impormasyon na nakolekta sa pamamagitan ng survey na ito ay pananatilihing kompidensyal. Walang personal na impormasyon ay ibabahagi ninuman sa labas ng Departamento ng Edukasyon ng Queensland.** Ang Departamento ng Edukasyon ng Queensland ay magtatabi ng datos alinsunod sa mahigpit na mga patnubay. Ang pangongolekta ng impormasyon ay alinsunod sa *Educational General Provisions Act (Batas sa Pangkalahatang Probisyong Pang-edukasyon, 2006)* at sa *Information Privacy Act (Batas sa Pagkapribado ng Impormasyon, 2009)*.

## Paano iuulat ang mga sagot ng iyong anak?

Ang mga sagot ng iyong anak ay hindi lalagyan ng kanyang pangalan. Iuulat lang siya sa paaralan bilang bahagi ng kanilang mga resulta para sa baitang sa paaralan (year level). Walang sinuman sa paaralan ng iyong anak ang makakakita sa kanilang mga indibidwal na sagot.